



**Silverada Manor**  
**Housing Authority of the City of Reno (RHA)**  
**Pagpupulong ng Residente**  
**November 8, 2023**

**Sagot sa mga katanungan sa pagpupulong ng mga residente nuong Nobyembre 8, 2023**

**T: Pupuwede ba akong makakuha ng voucher at lumipat ng ibang siyudad?**

S: Dahil ito ay pansamantalang paglilipat, ang namamahala ay hindi inaasahang gumamit ng Housing Choice Voucher para sa paglilipat. Subalit, ang mga residente ay hinihikayat na magsalita sa tauhan ng HTH tungkol sa kanilang pangangailangang pansarili sa paglalano ng paglilipat.

**T: Ilarawan ang estruktura ng pag-mamay-ari ng ari-arian.**

S: Ang mga tagapagtayo ay magiging parsyal na may-ari ng ari-arian habang nagtatayo, ito ay tipikal para sa proyektong rehabilitasyon. Ang RHA ay gagamitin ang LITHC na pondohan ang proyektong rehabilitasyon, ang mga mamumuhunan sa LIHTC ay magiging parsyal na may-ari sa loob ng 15 taon kasunod sa pagkumpleto ng proyekto. Ang RHA, ang mga tapagtayo, at ang mga mamumuhunan ay magiging parsyal na may-ari habang nagtatayo. Ang lahat ng may-ari ng estruktura ay sisiguraduhin na ang pag-aari ay mananatiling abot-kaya.

**T: Gaano katagal aabutin ang proyekto?**

S: Ang pagtatayo ay uumpisahan sa tag-araw ng 2024, ang pagtatayo ay uunti-untiin at matatapos sa tag-araw ng 2026.

**T: Papaano kung magustuhan naming ang pansamantalang pabahay na nilipatan, puwede ba kaming manatili doon?**

S: Ito ay base sa kanya-kanyang pangangailangan at kailangang pag-usap kasama ng HTH. Dahil ito ay pansamantalang relokasyon, ang namamahala ay di aasahan ang permanenteng paglilipat na maging kasama sa proseso ng paglilipat. Atin pang idagdag na ang grupo ng tagapagtayo ay pinaplano ang unti-unting pag-buo upang malimitahan ang beses ng pansamantalang paglipat ng sambahayan sa labas o ibang pag-aari.

**T: Maari bang makita ng residente ang kanilang paglilipatan?**

S: Ang bawat residente ay dapat makipag ugnayan sa tauhan ng HTH para masiguro ang kanilang pambahay na pangangailangan habang inaayos ang paglilipat. Ang tauhan ng HTH ay gagawin ang kanilang makakaya na matugunan ang gusto at pangangailangan ng bawat residente. Ngunit, ang tauhan ng HTH ay hindi magagarantiya na maipapakita ang tahanan bago lumipat.

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



*Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodacion especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado language en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su language de preferencia.*



**T: Maari bang kasangkot ang kamilya o kasambahay sa pagproproseso?**

S: Oo, ang tauhan ng HTH ay kakailanganin ang iyong nakasulat na permiso para mabigyan sila ng impormasyon sa pagpaplanong paglipat.

**T: Maari ba kaming bumalik sa aming orihinal na tahanan?**

S: Hindi ito magagarantiya na maibalik ang mga residente sa kanilang orihinal na tahanan, ang HTH ay sisiguradihin na maiwasang maapektuhan ang residente sa dami ng kinakailangan paglipat.

**T: Mayroon bang makakatulong sa proseso ng pagpapalit ng address?**

S: Ang tauhan ng HTH ay tutulong sa proseso ng pagpapalit ng address.

**T: Ito ba ay makakaapekto sa aming renta?**

S: Ang porsyento sa kinikita ng residente na ginagamit sa pagbabayad sa renta ay hindi magbabago.

**T: Kami ba ay mananatili sa pag-aari, maliban kung ikaw ay kasama sa phase 1, habang nagtatayo?**

S: Ang planong ay pansamantalang ilipat ang mga kasama sa phase 1 na residente sa mga bagong bakanteng tahanan sa parehas na lokasyon. Kung kinakailangan, ang mga makakasama sa phase 1 ay maaaring mailipat pansamantala sa ibang lokasyon. Ang karamihan ng residente sa mga susunod na unti-unting paglipat, mula sa kasalukuyang tahanan, papunta sa permanenteng bagong ayos na tahanan. Ang layunin ay mailipat ang lahat ng residente ng isang beses lamang sa bagong ayos na tahanan, ngunit maaaring may ibang kaso na ang sambahayan ay pansamantalang ilipat, bago sa nasabing permanenteng paglipat.

**T: Kung ikaw ay kasama sa huling lilipat, kakailanganin bang lumipat ng 2 beses?**

S: Maaring mailipat ang residente ng 2 beses basesa pangangailangan ng proyekto, ngunit karamihan sa mga sambahayan ay ililipat lamang ng 1 beses sa bagong ayos na tahanan.

**T: Papaano ang magiging proseso ng unti-unting paglipat?**

S: Ang tagapagtayong grupo ay kasalukuyang bumubuo ng plano para sa nasabing unti-unting paglipat.

**T: Kung ikaw ay ililipat sa ibang pag-aari, ikaw ba ay magkakaroon ng mas madaming pagpipilian?**

S: Hindi, dahil sa ito ay pansamantalang paglipat, ang paglipat sa ibang pag-aari ng RHA ay 1 beses amang ang opsyon. Ang HTH ay tutulong kayo at sisiguraduhing ang bawat residente ay matutulongan sa kanilang pangangailangan sa paglipat.

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



*Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodacion especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado lenguaje en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su language de preferencia.*



Executive Director  
Hilary Lopez, Ph.D.

Reno Housing Authority, 1525 East 9th Street, Reno, NV 89512

775.786.1712 Fax 385.770.7166 TDD

775.329.3630 RenoHA.org

---

**T: Kayo ba ay kailangan lang na magtabi ng iilang gamit?**

S: Ang HTH ay gagawa ng plano para sa paglipat sa inyo. Ang lahat ng residente ay magkakatanggap ng tulong para sa paglilipat, pag-eempake at pagbabalik ng mga kagamitan.

**T: Kailang ang magiging pag-sasaayos ng kwartong pang-komunidad?**

S: Habang nag-sasaayos ng pag-aari, ang mga tagapagtayo at ang Development Team ay pag-iisipan ang panahon kung kailan ang pagsasaayos ng nasabing pag-aari.

**T: Magbabago ba ang panglabas na kaanyuhan ng pag-aari?**

S: Ang panglabas na kaanyuhan ay mananatiling parehas, ngunit ang panglabas na anyo ng mga kabahayan ay malamang mag-iba. Ang lahat halos ng pagbabago ay magiging sa panloob ng tahanan. Ang mga halaman at mga ayos sa panglabas ng tahanan ay malamang maging parehas, at mapanatili ang karakter ng pag-aari katulad ng dati.

**T: kailangan bang ilipat lahat ng gamit sa tahanan?**

S: Oo, lahat ay kailangan ilipat. Kailangang tanggalin lahat ng gamit para maisaayos ang tahanan.

**T: May tao bang tutulong sa paglilipat?**

S: Oo, kayo ay pagkakalooban ng tagapaglipat. Ang HTH ay magkikipag ugnayan sa inyo upang magsagawa ng personal na plano para sa inyong paglilipat.

**T: Ang problema ba tungkol sa pagbukas at sarado ng pinto ay magiging problema ulit?**

S: Lahat ng tahanan ay idedesenyo ng buong-buo.

**T: May tulong bang ibibigay para mailipat lahat ng gamit, kasama na pati patungan at mga imbakang lalagyan?**

S: Oo, may tulong na ibibigay para mailipat lahat ng gamit.

**T: Bibigyan ba ng paunawa ang lahat ng residente kung anong araw ang kanilang paglipat pagkatapos mabigyan ng sulat na 30-day notice?**

S: Ang HTH ay makikipag-ugnayan sa lahat ng residente bago mabigyan ng 30-day notice na kasulatan.

**T: Puwede bang mamili kami ng lugar kung saan kami pangsamantalang ililipat?**

S: Halos lahat ng residente ay ililipat ng 1 beses sa mga naiayos na tahanan. Ang mga residente na pangsamantalang ililipat sa ibang pag-aari o lugar ay bibigyan ng katulad na pabahay na naayon sa pangangailangan ng sambahayan, ngunit pupuwedeng ring walang madaming pagpipilian.

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodacion especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado lenguaje en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su language de preferencia.



**T: Kailangan bang palitan ng mga residente ang kanilang address?**

S: Oo, Ang batas sa Nevada ay, matapos ang 30 araw, ang mga residente ay kailangan magpalit ng kanilang address. Ang tauhan ng HTH ay tutulong kayo sa paglipat sa nasabing mga address.

**T: Lahat ba ng tahanan ay magiging “accessible” sa lahat ng pangangailangan ng residente?**

S: Ang HTH ay makikipag ugnayan sa lahat ng sambahayan upang masiguro ang lahat ng kanilang pangangailangan. Ang bagong desenyong ay magiging mas “accessible” at magiging mas madali para sa lahat.

**T: Papaano hihingi ang mga residente ng reasonable accommodation?**

S: Ang mga residente ay pupuwedeng humingi ng reasonable accommodation sa RHA Asset Management Department.

**T: Mayroon din bang mga bubong para sa sasakyan pagkatapos ng pagsasaayos?**

S: Ang Development team ay titignan kung paano isasama ang bubong para sa sasakyan sa desenyong plano. Ang mga parking ay sisiguraduhing matugunan ang pangangailangan. Ang paghingi ng reasonable accommodation ng mga residente ay pahahalagahan sa kanilang pagbabalik.

If you are a person with a disability who requires a special accommodation in order to have equal access to any RHA program, please contact our office. If you are a person with limited English proficiency, contact our office to receive assistance in your preferred language.



*Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta. Si usted es una persona discapacitada que necesita una acomodación especial, para poder tener igual acceso a los Programas de RHA, por favor contacte a nuestra oficina. Si usted es una persona con limitado lenguaje en Inglés, por favor contacte nuestra oficina, para recibir asistencia en su lenguaje de preferencia.*